



PATNUBAY SA MISA



27 Nobyembre 2016

Unang Linggo ng Adbiyento

Taong A

SIMULA NG TAON NG PAROKYA

Sumunod Tayo sa Liwanag!

Sa pagsisimula natin ng bagong taong liturhiko, magbatian tayo ng isang Bagong Taong mabungang espirituwal.

Nagsisimula tayo ngayong Adbiyento sa paghahanda para sa Pasko. Ang paalaala ni San Pablong pagtalikod natin sa mga “gawi ng kadiliman” at pagsunod sa liwanag ng biyaya ni Kristo ay marapat nating maging pangganyak sa pagsisimula ng banal na panahon ng Adbiyento na may malinaw na plano ng mga gagawin at buo ang kapasiyahang ito ay tupdin.

Sinisimulan natin ngayon ang Taon ng Parokya. Ito ay isang pinagpalang pagkakataon upang ating suriin at patibayin ang buhay pananampalataya sa ating parokya, ang pagsasama at pakikibahagi ng bawat kasapi.

Nawa ang ating parokya ay maging isang “communion of communities,” isang pakikiisa ng mga “Basic Ecclesial Communities” (BECs), “covenanted faith-communities” at “ecclesial movements.” Sa Eukaristiyang ito, ipanalangin natin ang lahat ng mga ito para sa pagtataguyod ng isang parokyang tunay na komunidad ng pananampalataya, na tumutugon sa buhay ng kanyang mga tao.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa iyo’y nananawagan akong walang alinlangan, ikaw ay maaasahang tagapagligtas na tunay sa aglahi ng kaaway.

Pagbati

P– Ang biyaya ng Panginoong Hesukristo, pagmamahal ng Diyos Ama, at pakikiisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Natitipon dito bilang mag-anak ng Diyos ngayong unang Linggo ng Adbiyento, buong pananalig nating hilingin sa Panginoon ang kanyang pagpapatawad pagkat siya’y lubos na mahabagin. (*Manahimik sandali.*)

P– Panginoong Hesus, nais mong kami’y mag-ingat, ngunit madalas kaming umasal na parang hindi ka darating kailanman.

Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, kumakataok ka para patuluyin sa aming mga puso, ngunit para kaming walang naririnig. Kristo, kaawaan mo kami!

B– Kristo, kaawaan mo kami!

P– Panginoong Hesus, inaanyayahan mong tugunan namin ang mga pangangailangan ng aming kapwa, ngunit para kaming walang nakikita. Panginoon, kaawaan mo kami!

B– Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Panalangin Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, bigyan mo kami ng paninindigang tumahak sa landas ng kabutihan. Sa pagdating ni Kristo, makasalubong nawa kaming may

mabubuting gawa upang kapiling niya sa gawing kanan, kami ay makapisan sa iyong pinaghaharian sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Isa 2:1-5

Ang Adbiyento ay tila isang paglalakbay tungo sa bahay ng Panginoon. Inaanyayahan tayo ngayon ni Isaias sa ganitong paglalakbay upang matutuhan natin sa Panginoon ang Kanyang daan ng kapayapaan at mabungang pakikipagtulungan, dalawang biyayang kailangang-kailangan natin ngayon.

L– Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Ito ang pangitain ni Isaias na anak ni Amoz tungkol sa Juda at sa Jerusalem: Sa mga huling araw, ang bundok na kinatatayuan ng Templo ng Panginoon ay mamumukod sa

taas sa lahat ng bundok. Daragsa sa kanya ang lahat ng bansa. Ang maraming taong lalapit sa kanya ay magsasabi ng ganito: “Halikayo, umahon tayo sa bundok ng Panginoon, sa Templo ng Diyos ni Jacob, upang malaman natin ang kanyang mga daan at matuto tayong lumakad sa kanyang mga landas.

Sapagkat sa Sion magmumula ang Kautusan, at sa Jerusalem, ang salita ng Panginoon.” Siya ang mamamagitan sa mga bansa at magpapairal ng kapayapaan. Kung magkagayon, gagawin na nilang sudsod ang kanilang mga tabak, at karit ang kanilang mga sibat. Wala nang magsasanay sa pakikibaka at mawawala na ang mga digmaan. Halina kayo, sambahayan ni Jacob, at tayo’y lumakad sa liwanag ng Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!
B– Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 121

B–Masaya tayong papasok sa tahanan ng Poong D’yos!

R. M. Velez



* Ako ay nagalak, sa sabing ganito: “Sa bahay ng Poon ay pumasok tayo!” Sama-sama kami matapos sapitin, ang pintuang-lunsod nitong Jerusalem. **B**.

* Dito umaahon ang lahat ng angkan, lipi ni Israel upang manambahan, ang hangad, ang Poon ay pasalamatan. Pagka’t ito’y utos na dapat gampanan. Doon din naroon ang mga hukuman at trono ng haring hahatol sa tanan. **B**.

* Ang kapayapaan nitong Jerusalem, sikaping sa Poon yao’y idalangan: “Ang nangagmamahal sa’yo’y pagpalain. Pumayapa nawa ang banal na bayan, at ang palasyo mo ay maging tiwasay.” **B**.

* Dahilan sa aking kasama’t katoto, sa’yo Jerusalem, ang sabi ko’y ito: “Ang kapayapaa’y laging sumaiyo.” Dahilan sa templo ng Poong ating D’yos, ang aking dalangi’y umunlad kang lubos. **B**.

Ikalawang Pagbasa Ro 13:11-14

Ang Adbiyento ay paanyaya para iwan natin ang karimlan ng pagkakasala. Pinasisigla ni San Pablo, buong tiwala tayong sumunod sa liwanag ng biyaya ng Diyos at paglilingkod.

L–Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Roma

Mga kapatid:

Alam ninyong panahon na upang gumising kayo sa pagkakatulog. Ang pagliligtas sa atin ay higit na malapit ngayon kaysa noong tayo’y magsimulang manalig sa kanya. Namamaalam na ang gabi at malapit nang lumiwanag. Layuan na natin ang lahat ng gawang masama at italaga ang sarili sa paggawa ng mabuti. Mamuhay tayo nang marangal at huwag gugulin ang panahon sa paglalasing at magulong pagsasaya, sa pagpapakasawa sa pita ng laman at kahalayan, sa alitan at inggitan. Ang Panginoong Hesukristo ang paghariin ninyo sa inyong buhay at huwag paglaanan ang laman upang bigyan-kasiyahan ang mga nasa nito.

Ang Salita ng Diyos!
B– Salamat sa Diyos!

Aleluya Awit 84:8

B–Aleluya! Aleluya!
 Pag-ibig mo’y ipakita,
 lingapin kami tuwina,
 iligtas kami sa dusa!
 Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 24:37-44

Ang sipi ng Ebanghelyo ngayon ay tungkol sa pagdating ni Kristong makapangyarihan bilang Hukom ng lahat. Ang ikalawang bahagi ay tumutukoy sa marapat nating paghahanda para sa dakilang pangyayaring kinasasalayan ng ating kaligtasang walang hanggan.

P–Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B–Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Ang pagdating ng Anak ng Tao ay matutulad sa pagdating ng baha noong panahon ni Noe. Noon, ang mga tao’y nagsisikain, nagsisiinom at nag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok sa daong si Noe. Dumating ang baha nang di nila namalayan at tinangay silang lahat. Gayon din ang mangyayari sa pagdating ng Anak ng Tao. Sa panahong iyon,

may dalawang lalaking gumagawa sa bukid; kukunin ang isa at iiwan ang isa. May dalawang babaing magkasamang gumigiling; kukunin ang isa at iiwan ang isa. Kaya magbantay kayo, sapagka’t hindi ninyo alam kung anong araw paririto ang inyong Panginoon. Tandaan ninyo ito: kung alam lamang ng puno ng sambahayan kung anong oras ng gabi darating ang magnanakaw, siya’y magbabantay at hindi niya pababayaang pasukin ang kanyang bahay. Kaya maging handa kayong lagi, sapagka’t darating ang Anak na Tao sa oras na di ninyo inaasahan.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B–Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B–Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P–Sa pagsisimula natin ng bagong taong liturhiko, idulog natin ang lahat nating kahilingan at pangangailangan sa ating masuyong Diyos pagkat Siya lamang ang nakaalam ng totoo nating kailangan at makabubuti sa atin. Buong pananalig tayong manalangin:

L–Panginoon, kahabagan Mo ang Iyong bayan!

* Para sa Simbahan, pamayanan ng lahat ng sumasampalataya: Nawa matuklasan niyang muli ang kayamanan ng Sakramento ng Eukaristiya at makatagpo rito ng ibayong pagkakaisa at lakas. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa, lahat ng Obispo, mga pari, at mga kasapi ng mga pamayanang relihiyoso: Nawa sila'y maging inspirasyon sa lahat sa pagiging handa sa pagtanggap kay Hesus sa ating mga puso. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa lahat ng magulang at tagapaguro: Nawa maturuan nila ang kanilang mga anak at mga mag-aaral na makilala at tanggapin si Hesus sa kanilang kapwa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga nag-aagaw-buhay: Nawa maharap nila ang dakilang Hukom nang buong pagsisisi sa kanilang mga kasalanan at buong pananalig sa Kanyang awa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating Simbahan sa Pilipinas, habang ipinagdiriwang natin ang Taon ng Parokya: Nawa ang ating parokya ay maging isang "communion of communities," kung saan bawat kasapi ay aktibo sa buhay ng ating parokya. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating lahat at mga kasama sa pamayanan: Nawa sa Adbiyentong ito, malinaw nating mapaghusay ang ating mga buhay espirituwal. Manalangin tayo! **B.**

* Ipanalangin natin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Manahimik sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P– Panginoong Diyos, maraming salamat sa pagkakaloob Mo sa amin nitong bagong taong liturhiko. Pakinabangan nawa namin ang bawat pagkakataong mapalapit sa Iyo at maging laging handa sa pagtanggap sa Iyo sa aming buhay. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman. **B – Amen!**



P– Manalangin kayo . . .

B– Tanggapin nawa ng Panginoon

noon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, tanggapin mo ang aming mga alay na ikaw rin ang nagbigay. Magdulot nawa ito ng gantimpalang kaligtasan na ngayon pa man ay amin nang pinakikinabangan sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo ng Adbiyento I

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesuskristo na aming Panginoon.

Siya'y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya'y naging hindi na iba sa amin upang mai-tampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating, ang pakikisama niya'y puspusang magniningning at ang pangako niyang kapana-panabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B –Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Tunay na pauunlarin ng Poon ang buhay natin. Ang halamang nakatanim sa bukid nati't lupai'y magbubunga't aanihin.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, mapakinabangan nawa namin ang aming pinagsaluhan upang sa aming paglalakbay dito sa lupang papanaw, aming mapanaligan ang iyong pagpapalang pangmagpakailanman sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B –At sumaiyo rin!

P–Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B – Amen!

P–Humayo kayo upang mahalín at paglingkuran ang Panginoong darating.

B–Salamat sa Diyos!

"POCKET PLANNER" PARA SA 2017 AT AKLAT-DASALAN



Buwanang "planner," gabay na panliturhiya, at aklat-dasalang nagtatampok sa "Taon ng Parokya."

Mabibili na ngayon sa *Word & Life Center*, mga *religious bookstore*, at *National Book Store*

PAUNAWA TUNGKOL SA TAONG LITURHIKO AT ADBIYENTO

Ang taong liturhiko ay ang panahong kina-papalooban ng mga pangyayari at tampok na itinatakda ng opisyal na pagsamba ng Simbahan, o “liturhiya.” Sa taong liturhiko, itinatampok ang paggunita at muling pagbuhay sa mga pamamagitan ng Diyos sa kasaysayang pangkaligtasan ng sangkatauhan. Ang kasukdul-an ng gayong serye ng mga banal at dakilang pamamagitan ay nasa katauhan ni Hesukristo at magiging ganap sa kanyang Ikalawang Pagdating bilang Hukom ng lahat.

Taun-taong ginugunita ng Simbahan ang mga gayong pangyayari sa kanyang pagsambang liturhiko na kanyang iniaalay sa Diyos Ama, kaisa ng kanyang Puno, si Hesukristo, sa pamamatnubay at kapangyarihan ng Espiritu Santo. Kung paanong si Hesukristo ang sentro ng kasaysayang pangkaligtasan, siya rin ang sentro ng taong liturhiko.

Ginugunita sa “Liturhiya ng Salita” ang mga pangunahing pangyayari sa kasaysayang pangkaligtasan sa pagpapahayag ng mga piniling siping hango sa Banal na Kasulatan. Ang pagpili sa mga siping ito ay ayon sa kanilang pagkakaganap sa buhay ni Hesukristo, mula sa kanyang kapanganakan hanggang pag-akyat sa langit at pagpapadala ng Espiritu Santo sa Simbahan.

Kaya nga, nahahati ang taong liturhiko sa mga panahong tinatampukan ng:

- kapanganakan ni Hesus (Kapaskuhan);
- kanyang kamatayan, muling pagkabuhay, pag-akyat sa langit, at pagpapadala ng Espiritu

Santo (Mahal na Araw at Panahon ng Muling Pagkabuhay); at

- buhay apostoliko (Karaniwang Panahon).

Ang Kapaskuhan ay pinangungunahan ng panahon ng paghahanda na tinatawag na “Adbiyento,” samantalang ang Mahal na Araw ay pinangungunahan ng panahon ng paghahandang tinatawag namang “Kuwaresma.”

Ang pinakamahalagang pangyayari sa taong liturhiko ay ang PASKO NG PAGKABUHAY, na paggunita sa pananaig ni Hesukristo sa kamatayan. Lahat ng ibang panahong liturhiko at pangyayari ay paghahanda para rito, o pagsasabuhay ng mga bunga ng kaligtasan.

Ngunit ang paggunita sa mga nakaraang pangyayari sa kasaysayang pangkaligtasan, lalo na sa buhay ni Hesus, ay hindi lamang “pag-alaala.” Bagkus, ang mga ito ay muling binubuhay at pina-giging mabisa sa pagdiriwang ng mga sakramento, lalo na ng Eukaristiya.

Una sa mga panahon ng taong liturhiko, ang Adbiyento ay binubuo ng apat na linggo. Pangu-nahing layunin nito ay:

- ipakilala ang taong liturhiko sa pagpapaalala ng pagdating ng Panginoon bilang Hukom kaya marapat na maging laging handa ang lahat sa pagtanggap sa kanya; at
- tulungan ang mga mananampalatayang maghanda ng kani-kanilang sarili para sa paggunita sa kapanganakan ni Kristo.

ANG ADBIYENTONG ITO SA ISANG SULYAP

MGA LINGGO	UNANG PAGBASA <i>Pangako ng Kaligtasan</i>	SALMONG TUGUNAN <i>Reaksiyon Natin</i>	IKALAWANG PAGBASA <i>Ang Dapat Nating Gawin</i>	EBANGHELYO <i>Katuparan ng Pangako ng Diyos at Pakikipagtulungan Natin</i>
Una	Hihirangin ng Diyos ang Jerusalem na maging bukal ng pangaral at kabaitan.	“Tumungo tayo sa bahay ng Panginoon.”	* Talikdan ang lahat ng gawing kadiliman. * Sumunod sa liwanag ng biyaya ni Kristo.	* “Maging handa kayong lagi sapagkat darating ang Anak ng Tao sa oras na di ninyo inaasahan.”
Ika-2	Ang Mesiyas ay maghahatid ng katarungan at kapayapaan.	Paghahangad ng mga kaloob na katarungan at kapayapaan ng Diyos	* Makipamahay nang maayos sa bawat isa. * Tanggapin ang isa’t isa.	* Ang paghahari ng Diyos ay sumapit na. * Magbagong buhay na kayo.
Ika-3	Gagawa ang Diyos ng kadakilaan para sa mga nagdurusa.	“Halina, Panginoon, at iligtas kami.”	* Buong tiyagang maghintay. * Huwag umangil.	* Tinupad ni Hesukristo ang propesiya ni Isaias. * Tinatanggap natin siya bilang Mesiyas.
Ika-4	Ang Mesiyas/Emmanuel ay magbubuhay sa angkan ni David at isisilang ng isang birhen.	Mabuhay ang Mesiyas! Patuluyin ang Panginoon; Siya ang hari ng kaluwahatian!	Ipahayag na si Hesukristo ay: * buhat sa angkan ni David; * pinatunayang Anak ng Diyos sa kanyang muling pagkabuhay.	* Ang Mesiyas na isisilang ni Birheng Maria ay buhat sa angkan ni David. * Maghandang makipagtulungan sa Diyos sa pagtupad sa Kanyang planong pangkaligtasan sa pamamagitan ni Kristo.



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, R. Molomog, D. Daguio, V. David

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: F. Edjan